**Pamagat**: Magpasailalim sa Mga Lokal na Awtoridad at Batas Sibil (Civil Law)

**Bible Text**: 1 Pet. 2:13 "Submit yourselves to every ordinance of man for the Lord's sake: whether it be to the king, as supreme;"

*Pagsasalin*: Alang-alang sa Panginoon, magpasakop kayo sa lahat ng tagapamahala ng bayan, maging sa hari na may pinakamataas na kapangyarihan;

**Panimula**:
1. Ang pagsasailim ay isang napakahalagang aspeto ng buhay Christiano.
2. Lahat ng awtoridad ay nasa ilalim ng awtoridad ng Dios. (Jn. 19:11 – lahat ng kapangyarihan ay nagmula sa itaas)

**I. Ang Pagpapasakop sa Pamahalaan ay Kalooban ng Dios:**
- A. Maging ano o sino ang anyo ng pamahalaan: king, governors (mga gobernadora na inatasan). (v.14)
- B. Maging mabuti man sila o baluktot, malulupit, o mababasik (v. 18).
- C. Ito ay ang pagagawa ng mabuti – this is "well-doing" (v.15) at ang epekto nito ay mawawalan ng bisa ang masasama nilang pananalita laban sa Christiano.
- D. Ito ay ang wastong gamit ng kalayaan ng pagiging Christiano. Ang kalayaan ng Christiano ay ang kalayaan na gumawa ng tama at maglingkod sa Dios – hindi ito nangangahulugan na malaya tayo na gawin ang gusto natin at malaya tayo sa responsibilidad natin sa batas ng Dios at ng tao.
- E. Ito ay may karangalan ng pagpapasalamat o kapuri-puri ito. (v.19)
- F. Huwag gamitin ang kalayaan natin sa mali (v.16).

**II. Ang Kalayaan ng Christiano ay sa Pamamagitan ng Pangaalipin natin sa Dios:**
- A. Ito ay tilang kabalintunaan o kabalighuan (a paradox – a seeming contradiction): tila itong pagkakasalungat.
- B. Pero ang Dios natin ay tilang pasalungat rin: Siya ay matagumpay dulot ng kamatayan. At bagamat siya ay namatay siya ay muling nabuhay.
- C. Sa kapanahunan ni Pedro, at ng Biblia, ang pangaalipin ay ang pamamaraan ng lipunan. Hindi ito tama, pero ang payo ng Dios ay mag-pasailalim.
- D. At kapag ang Christiano ang natutunan niya ang pagpapasailalim sa Dios – Ang Dios ang kikilos sa para sa kanyang mga alagad (o alipin).
- E. Ang pangaalipin sa Dios ay tunay na kalayaan.

**Katapusan**:
1. Walang karangalan ang pagdurusa kapag ang pagdurusa mo ay dahil sa kamalian mo.
2. Ngunit, kung ang paghihirap mo ay dahil sa kabaluktutan o kamalian ng iba, ito ay ang pagtitiis na maaring i-bless ng Panginoon.
3. Si Pedro mismo ay lumabag sa batas ng tao – dahil sumalungat ang batas ng tao sa batas ng Dios. (Acts 5:29) – Dito binawal ng mga namumuno na mangaral sila sa pangalan ng Panginoon. Ibig sabihin naki-alam ang mga namumuno sa pagsamba o pagsisilbi ng tao sa Dios. Sa normal na takbo ng awtoridad ang lahat ng uri ng awtoridad ay may kanya-kanyang linia:
   - A. Sarili
   - B. Tahanan
   - C. Pamahalaan
   - D. Simbahan
4. Igalang ninyo ang lahat ng mga tao. Ibigin ninyo ang kapatiran. Matakot kayo sa Diyos. Igalang ninyo ang hari. (v.17).
5. Ang dahilan na binanggit ni Pedro ay napakaimportante: (v.13 – Alang-alang sa Panginoon). Mayroong mga iba pang mga dahilan kung bakit dapat magpasakop tayo sa pamahalaan:
   1. Iniiwasan natin ang parusa ng batas – "wrath's sake" (Rom. 13:2; 4).
   2. Panatilihin natin ang magandang konsiyensya (budhi) – "conscience sake" (v.5).
   3. "Alang-alang sa Panginoon" – Ito ay makakatulong sa ating pagpapatotoo sa ebanghelyo ng Panginoon.